# PATINTERO

Valentine Dula

NANG IBIGAY SA'KIN ang magwawalong buwang pamangkin ko para kargahin, parang pansit na nanlambot ang mga braso ko kaya nahulog ang bata sa sementadong sahig. Walang iyak na pumalahaw, nakatitig ang sanggol sa kisame, nakanganga habang unti-unting lumalawa ang dugo sa ulunan nito. Yumuko ako, inunat ang mga braso para pulutin ang bangkay pero mabilis 'tong nalusaw na parang ice cream. Kailangan kong pumikit para makabalik tulad ng nakagawian. Kailangan kong umiling para makawala dahil ang totoo niyan maingat ko siyang karga, ang natutulog sa dibdib kong pamangkin na si Angela. Bahagyang humigpit ang pagkakayakap ko sa kanya.

"Bagansiya-tulala, tagayin mo na," sabi ni Ruben.

"Sa'kin na ba?"

"Umihi lang ako nagkalimutan na. Dadalawa na nga lang tayo, tatapon ko 'yan."

Nilagok ko ang isang basong Red Horse na may yelo. “Tuloy tayo?”

“Tuloy.”

“Sigurado?”

“Oo.”

“Ihahanda ko na lahat bukas.”

“Sige.” Ipinatong niya ang hintuturo sa labi niya.

Akala ko ang senyas na ‘yon ay para ‘di maistorbo ang anak niyang mahimbing pa ring nananaginip sa braso ko. Pero no’ng makita ko si Carmen na palapit sa’min galing kusina, kuha ko na.

“Okay a, paborito ko!” Nakangiti si Ruben, nasurpresa kunwari. Kanina pa naman nangangamoy piniritong isda.

“Ako pa.” Nilagay ni Carmen ang mga tustadong galunggong sa mesa at umupo sa tabi ng asawa. “Tingnan mo si Angela, o. Tulog na tulog. Pinatagay n’yo ba ‘to? Nilasing n’yo yata, e?” At tumawa ang diwatang iniwan ang kanyang mundo para makipagbiruan sa mga mortal. Inunat niya ang mga braso sa’kin, “Akin na, Kiko, ihihiga ko na.”

Dahan-dahan kong ibinigay ang bata sa kanya. Ayaw ko talaga sa mga bata lalo na sa sanggol. Ayaw ko sa mga babasagin. Lahat kasi ng babasagin nakatakdang mabasag at ayaw kong maging dahilan. Pero sabi nga, iba ‘pag kadugo.

Tumango si Carmen na tila nabasa ang iniisip ko. Pero napakaganda ng ngiti niya kaya alam kong hindi. Nagpaalam siya sa'min, saka pumasok sa kuwarto.

"Nagkasakit nakaraan 'yan."

"Sino? Si Carmen?" Kumurot ako ng isda. Ako talaga ang may paborito nito.

"Di, 'yung pamangkin mo. Dinala namin sa PGH, teka, ano ba ngayon, Biyernes? Nung Miyerkules ng madaling-araw namin tinakbo. Taas ng lagnat, inaapoy. Ang sabi sa'kin ng mga putanginang nars maghintay lang daw, tatawagin kami. Kaya nga emergency di ba? Nangingitim na yung labi ng anak ko ta's tatratuhin n'yo kaming customer sa CDR-King? 'King ina niyo. Muntik ko ngang duraan yung pinapasulatan nila."

"Ba't di mo ko tineks man lang? Ba't di mo ko sinabihan?" Inusog ko ang shot sa kanya.

"Humupa naman agad yung lagnat ni Angela. T'saka madaling araw pa nun kaya di na kita inabala, kaya naman namin."

"Anong sabi ng doktor?"

"Si Carmen ang nakausap. Di naman daw delikado, tipong lagnat laki lang, ganun. Anlakas na nga ulit sumuso kanina." Tumagay siya, nakatakas ang kaunting beer sa gilid ng kanyang bibig at tumulo sa suot niyang camouflage na shorts.

"'Pag ganon, kontakin n'yo ko. Mahalaga sa'kin 'yang

pamangkin kong ‘yan. Mahal ko ‘yan kaya sasabihan n’yo ko ‘pag emergency. Nak ng puta, baka napa’no na yan wala pa kong kaalam-alam.” Salamat sa alak, may pagka-emosyonal na ako.

Tumayo si Ruben. Kinapitan ako sa batok at pinagdikit ang mga noo namin. “Da best ka talaga, ’insan.”

Kinapitan ko rin ang batok ni Ruben sabay dampot ng tinidor sa mesa. Hinatak ko ang ulo niya palayo sa’kin saka sinaksak ang kanan niyang mata. Binunot ko ang tinidor at sinaksak ulit ito nang mas madiin. Madiing-madiin. Tapos, paikot kong kinayod ang loob na parang nagkakayod ng melon. Nang bunutin ko ulit ang tinidor, sumirit ang dugo at nakatuhog na sumama palabas ang natira sa luray-luray na mata ni Ruben, nakatuhog pati karne ng kanyang utak. Nakaamba na ako para sa kaliwa niyang mata nang magsalita siya, “Ba’t nakangisi ka?”

“Ano?” Kumalas ako sa noo niya.

“Nakapikit ka ta’s nakangisi brad. Natatakot na ko sa’yo e, puta baka nababakla ka na sa’kin.” Tumawa siya nang malakas.

Tumawa rin ako. “Gago. Naisip ko lang na pa’no kaya kung may nangyaring masama sa anak mo. Di kita mapapatawad, Ben.”

Tinitigan niya ako nang mata sa mata. Pamilyar ang ekspresyong ito. No’ng tinrabaho namin ‘yong Instik na may-ari ng nasunog na pagawaan ng tsinelas, ganitong-ganito ang nakita ko nang iangat ni Ruben ang tinted na plastic ng helmet niya habang inuubos ang magazine ng .45 sa katawan ng Tsino. Para kay Mang Roger ang gulong na ‘yon, kalaro namin sa bilyar

na stay-in sa pabrika't namatay sa insidente.

"Hindi ko hahayaan 'yun," sabi niya habang patuloy na humihiwa ang blangkong tingin at may kinakapa sa bulsa ng camouflage na shorts. Hinagis niya sa'kin ang nakuha. "Tara, yosi du'n sa labas. Bawal mausukan si Angela."

"Teka," tinungga ko ang natira sa pangalawa naming Mucho.

Ang totoo niyan naigayak ko na lahat bago pa kami mag-inuman. Ang M1911, ang Raider, mga helmet, jacket, gwantes, sunglass, karatula. Mahigit-kumulang 55 beses nang umulit-ulit sa utak ko ang mangyayari bukas sa Pentong habang nagaganap ang lingguhang sabong doon: bubulagta ang target na butas ang bungo at dibdib, at magpupulasan ang mga sugarol na sandaling nakalimutan ang pusta pero mabilis ding magsisibalik para basahin ang karatulang nagsilbing lapida ng pinatay na kasabong.

Maalinsangan ang panahon, parang estatwa ang mga puno ng acacia sa labas ng inuupahang apartment nila Ruben. Nagpapawis sa init pati yata mga poste ng Meralco.

"Kiko," sabi niya habang bumubuga ako ng usok, "parang bulbol na 'yang buhok mo, pagupitan mo na. Kaya ka tinutuksong Kikulot-kikusalot, e."

"Inggit ka lang sa'kin, kalbo."

"Seryoso ko. Bago tayo gumulong. T'saka buti hindi ka pinapagalitan sa PureGold dahil d'yan? Ang kapal, e."

Magkasing tangkad kami ni Ruben pero mukha akong mas mataas dahil sa mala-afro kong buhok. Malapad ang mga balikat niya kaysa sa'kin at mas maumbok ang mga masel sa braso't dibdib. May limang taong agwat ang edad namin pero lagi akong napagkakalamang kuya niya. Maski si Carmen gano'n ang inakala no'ng una.

Kung may kapansin-pansin man sa itsura ni Ruben, hindi ang makapal na labi o ang ulong parang basketball o ang kutis na nagluwal sa bansag niyang 'nogi.' Kung meron man, 'yon ay ang kulay brown na mga matang may kakayahang yumugyog ng konsensiya't dumurog ng tapang. Masaya ang mga ito kung masaya, galit kung galit. Nakakasakal sa sobrang tapat.

"Dikit kami ng bisor dun," pagmamayabang ko. Pero may punto siya. Bakit nga ba kasi ngayong tag-init ko pa naisipang pahabain 'tong buhok ko? Bigla kong naramdaman ang init ng anit kong makati-kati pa nga. Nanahimik ako pero naisip kong magpagupit kinabukasan. Alam kong alam ni Ruben na susundin ko siya. "Musta'ng trabaho?" dagdag ko.

"Pang-umaga na kaya 'di nakakaurat. Nga lang, panay ang bati ko ng good morning mam/sir t'saka panay sulat sa logbook. Okay pa rin kaysa naman panggabi. Tangina, gusto ko nang paputukin 'yung shotgun noon sa sobrang pagkaburyong."

Malaki ang pinagbago ni Ruben simula nang magkapamilya. Ang totoo niyan medyo laylo na siya sa trabaho dahil kay Carmen kahit 'di pa man sila nagkakaanak. Sinabi ko naman kasing 'wag niyang ipaalam kung ano talagang ikinabubuhay namin. Nagulat na lang ako 'sang araw, sinabihan ako ni Carmen na 'wag nang pumunta sa kanila at alam na raw

niya ang lahat. Kung 'di raw ako lalayo ay may sasabihin siya sa asawa. Mahigit isang taon na ang engkuwentrong 'yon. Ang hindi niya alam, si Ruben ang bumubisita sa'kin sa bahay tuwing may pagkakataon. Hanggang inom na nga lamang kami dahil tinamaan talaga si gago sa babaeng 'to. Kaya pati ako naperwisyo kasi hindi ko naman kayang kumalabit ng gatilyo. Ang gusto kong sabihin, kaya ko, kung lata o bote ang babarilin, hindi tao. Ang papel ko lang naman ay magpatakbo ng motor at magplano, wala nang iba. Hindi ko kayang mag-solo dahil wala akong bayag para pumatay. Higit isang taon din kaming natigil sa paggulong dahil kay Carmen. At ngayon sa nakikita ko, nagbabalik-trabaho si Ruben para kay Angela.

Paglilinaw lang: 'yong sinasabing ipapapatay ka ng boss mo o ng mga umuupa sa'yo 'pag tumigil ka sa pagiging target killer, hindi totoo 'yon. Sa katunayan nga, magnininong pa kay Angela si Mr. Reverente. Gawa-gawa siguro ng media ang kwento para takutin 'yong mga nagtatangkang pumasok sa ganitong trabaho, o pwede ring ikinalat ng iilan sa loob para hindi tumindi ang kumpitensya. Anu't ano pa man, halos hindi na lihim ang gan'tong uri ng gawain ngayong nakakalimang taon na si Digong sa pwesto. Parang pagpopokpok—iligal pero tanggap na, at hindi mawawalan ng isa sa bawat barangay. Kaya walang dahilan para tinggaan ang sinumang nagnanais kumalas dahil kulang na nga lang e buwisan kami.

'Yong nabanggit ko, si Mr. Reverente, ang boss namin. Wala akong kilalang tao na mas relihiyoso pa kaysa sa kanya. Araw-araw kung magrosaryo ang mama kasama ang maybahay at dalawang anak, bukod pa sa tinatawag nilang Angelus at pagsisimba tuwing Linggo. Hindi ko alam sa iba, pero malapit kami ni Ruben sa pamilya ng boss namin. Nanilbihan kasi kami

bilang mga boy niya nang ilang taon. May bigasan sila sa Bayan na kami ang nagbabantay no'n.

Isang araw, ipinatawag kami ni Mr. Reverente para kausapin. Ni minsan hindi pa kami nakapasok sa kwarto nilang mag-asawa kaya laking pagtataka namin ni Ruben nang ayain niya kami. Tulad ng inaasahan, malaki ang kwarto nila at syempre, mayroong napakalaking kama. Sa uluhan ng kama, sa dingding, nakadikit ang ga-taong Hesukristo na bagaman may krus sa likod ay hindi nakapako ang mga kamay at paa. Ni hindi nakasayad ang likod nito sa krus, literal na nakalutang habang nakadipa't animo'y handang yakapin ang sinumang nangangailangan ng yakap. Dinasalan muna kami ni Mr. Reverente bago kausapin.

Ang sabi niya mga adik lang daw ang papatayin namin, wala nang iba. Yon bang mga napapanood namin sa TV na parating nanlalaban tuwing kakausapin ng mga pulis. Yon bang mga nanggahasa, nagnakaw, nangholdap, nang-snatch. Yong mga pumatay para at dahil sa shabu. Pinaulit-ulit niya iyon: "Adik lang, wala nang iba." Malaki raw ang kikitain namin sa negosyong ito, sampung beses daw ang laki kaysa sa sinasahod namin sa kasalukuyang trabaho. Syempre, alangan kami no'ng una. Hindi namin maintindihan kung bakit kami ang nilapitan ni Mr. Reverente tungkol sa usaping ito e wala naman kaming karanasan sa pagpatay. O kung bakit kami ang pinagkatiwalaan niya. Sapat na siguro ang rasong mahirap kami para makalkula kung gaaano kataas ang tyansa ng pagkagat namin sa ihahain niya.

Pinangakuan niya kaming walang sabit sa negosyong ito. Narinig ko ang mga salitang "tungkulin sa bayan," na isa itong "paglilingkod sa mga Pilipino," na " banal na plano ito ng Poong

Maykapal," at kami'y "protektado." Siya na rin daw ang bahala sa kaligtasan ng aming mga kaluluwa, na ipaaabot niya sa Panginoon ang "dakilang layunin" ng aming gagawin. Binanggit din niya ang pangalan ng kapatid niyang heneral ng PNP, at hindi nakaligtaang ibida ang koneksyon nila kay pangulong Duterte na nakakaisang taon pa lang sa pwesto no'ng panahong 'yon. Bago lumabas ng kwarto hinawakan ni Mr. Reverente ang kamay namin ni Ruben at umusal ng isa pang dasal para sa "ikalilinaw ng aming isipan," para sa "ikabubukas ng aming mga puso." Napatingala ako kay Hesukristo. Naisip kong ano kaya kung ihataw ko 'to kay Mr. Reverente habang nakapikit siyang nagdarasal. Matapos ang isang linggo naming pagtitimbang sa mga bagay-bagay ay nagkaroon kami ng bagong motorsiklo at tig-isang baril. Amen.

Humahalo na ang alak sa dugo ko, gumagapang na sa buo kong katawan. Ramdam ko ang init sa mukha at pangangati ng talampakan. May mga batang nagpapatintero sa kalsada. Nagsisigaw ang lahat nang madakma ng patotot ang binabantayang kalaro. Sa gitna ng hiyawan ay palobong pinitik sa ere ni Ruben ang papaupos na sigarilyong dumaplis muna sa sanga bago bumagsak malapit sa gate. Kita sa liwanag ng poste ang pagkunot ng kanyang noo, sinyales na may ibabato siyang ideya na maigi niyang pinag-isipan.

"Ako lang ba," sabi niya, "o may iba ring nakakaisip tuwing namimili d'yan sa PureGold, na dapat lang pagnakawan ang lugar na 'yan?"

"Ano? Magnanakaw na rin tayo?"

"Gago, makinig ka nga. Ang sabi ko dapat lang nakawan pero hindi ko sinabing nanakawan natin."

Naguluhan ako. Naintindihan ko sana ang sinabi niya kung hindi biglang pumasok sa isip ko 'yong backpack ko sa ilalim ng palotsina nilang sopa.

"Kasi tingnan mo, napakaraming pagkain dun. Di naman nila ikalulugi kung mawalan sila ng ilang bungkos ng saging at lata ng sardinas, di ba? O ng kahit ilang kabang bigas pa. Itataya ko kaliwang bayag ko, hinding-hindi mababangkarote yang mga boss mo ipamigay man nila ang lahat ng nasa PureGold Kalentong sa mga taga-Maynila. Sa dinami-rami ng PureGold sa Pilipinas? Nasa kanila na nga yata lahat ng pagkain."

"Lasing ka na, dami mo na namang alam."

"Hindi mo ba naiisip yun sa tuwing pumapasok ka?"

"Ewan. Taga-salansan lang naman ako ro'n."

"Ni minsan di sumagi sa'yo ang ideyang pader lang na wala pang tatlong dangkal ang pumapagitan sa taong nagugutom at sa mga pagkaing pinagnanasahan niya? Na kaabnuyan ang pagkakaro'n ng pulubing namamalimos sa labas ng building na punong-puno ng pagkain?" Ganitong mga tanong ang basta na lang tumutubo kay Ruben. May isang beses na sinabi niya sa'king baka raw malamig talaga ang sinag ng araw kasi bakit nga naman nagyeyelo ang nagtataasang bundok kung mas malapit ang mga ito sa araw? Kamot-ulo ako.

“Ano bang tinira mo?” Banat ko.

“Kanina kasi may sumalubong sa’king batang babae paglabas ko ng Puregold du’n sa Talipapa, nanghihingi ng pambili ng pagkain. Madungis yung bata, sobra. Sabihin mo nang praning ako pero nakita ko sa kanya si Angela kahit ang layo naman ng itsura nilang dalawa. Bibigyan ko sana ng pagkain kaso puro Red Horse ang binili ko, e. Inabutan ko na lang ng bente ta’s pabiro kong sinabi na ‘kung kulang pa yan, du’n sa loob maraming pagkain, kuha ka lang.’ Hanggang ngayon hindi pa rin ako nilulubayan ng sinabi ko.”

Hindi ko masakyan ang tama ni Ruben kaya “sira-ulo” lang ang nasabi ko, na mabilis kong pinagsisihan dahil kung hindi ko siguro nabanggit ang salitang ‘yon e malamang wala siyang naalala at hindi niya ako tinanong nang ganito:

“Nga pala, ano nang lagay mo?”

“Kasundo ko naman lahat do’n sa trabaho.”

“Ibig kong sabihin, ano nang nararamdaman mo?”

“Medyo may tama na.”

“Gago, hindi yun. Sinusumpong ka pa ba?”

“Okay na ko.”

“Yan din ang sinabi mo nitong huli.”

“Okay na talaga. May duty ka ba bukas?”

"Yung totoo, naggagamot ka pa ba?"

"Tang ina ang kulit mo." Huminga ako nang malalim bago nagpatuloy, "Di ko na kailangan no'n kasi paggising ko kaninang umaga, wala pa rin sa kwarto ko yong aso. Madalas kasing nando'n yon sa paanan ng kama tuwing gigising ako, nakatanghod, parang binabasa ang isip kong naalimpungatan. Una ko siyang nakilala noong tumigil tayo sa trabaho. Khaki ang kulay ng balahibo, di naman payat pero marungis, marungis pero di naman mabaho. Isang mabigat na angkla ang buntot niya na hindi kumawag ni minsan. Itim pa sa itim ang kanyang mga mata at napakadilim sa loob ng mga yon. Di na mabilang ang pagkakataong nilakbay ko ang mga planetang animo'y gawa sa uling, mga bagay na nilamon ng apoy na imbis maglaho ay umiral, mas naging totoo. Lumilipas ang maraming araw na nasa loob lang ako ng mga mata, walang angal at walang kapagurang hinahanap ang gustong makita, pero imposibleng makakita ng kahit ano dahil madilim talaga sa unibersong yon. Sa bawat lakad, sa bawat paghinga, parumi nang parumi ang katawan, pabigat nang pabigat ang mga binti at baga hanggang sa hindi ko na kayang kumilos pa ni igalaw ang dila, kaya ilandaang-libong beses kong uulit-ulitin ang 'Yesterday' ng The Beatles sa ulo ko dahil abot-kamay ang .45 sa ilalim ng kama; dahil ilang hakbang lang mula sa higaan ang nakasabit na kutsilyo, ang lubid sa ilalim ng iniipis na lababo, ang panlinis ng silver sa loob ng aparador. Panlimang araw nang walang asong sumunod sa'kin papuntang Puregold. Nakakapanibago dahil parang may kwenta na uli ang lahat.

"Ang kaso lang, Ben, kaninang umaga sa harap ng salamin habang nagsisipilyo ako, habang pinabubula ng Colgate ang bibig, habang pinagmasmasdan ang idinura

kong toothpaste sa stainless na lababo, mayroong ipinintang mukha ang dumugong gilagid ko. Kumurap-kurap ito saka gumalaw ang kulay-kalawang nitong mga labi para magsalita: 'napakasimple, isang 50 anyos na lalaking binansagang Kiling ang itutumba niyo sa makalawa. Wala nang pasuman-suman pa dahil aksayado lang sa oras 'yon. Uubra na ang dalawang bala at isang karatulang nagsasabing "pusher/user ako, huwag tularan" para paligayahin ang hayok-sa-dugong taumbayan, para labasan ang mahal na presidente. At sinong may pakialam kung adik o hindi yong nalintikan? Sinong magagalit kung mali man ang naitumba n'yong tao? Mantakin mo kailangan ka ng pinakamataas na tao sa Pilipinas, ng mismong Republika ng Pilipinas. Isa itong pagsulong, Kikulot. Sugpuin ang mga peste ala FPJ. Pak dem ol. Supot. Kunin mo ang sa'yo. Napakaduwag mong 'king inang hindot ka. Kunin mo ang sa'yo. Hanggang kailan ka magpapaulol? Kunin mo ang sa'yo.

"Nabasag ang mukha sa lababo nong binuksan ko yong gripo. Habang kinakalampag ng tubig ang lababo ay umikot nang umikot nang umikot ang nagkalasog-lasog nitong mga bahagi hanggang sa tuluyang higupin ng ulo ko. At sa salamin, gaya ng araw-araw kong sinasabi sa sarili, talagang mas hawig sa'kin si Angela kaysa sa'yo."

"Putang ina mo." Niyugyog ni Ruben ang balikat ko. "Tulala na naman. Ang sabi ko e kung naggagamot ka pa, di mo ba ko narinig?"

Pumasok kami sa loob ng bahay. Lumalalim na ang gabi. Nagsiuwian na ang mga batang naglalaro sa labas kanina, tanging ang elisi ng bentilador sa sala at ang manaka-nakang pagdaan ng mga motorsiklo sa kalsada ang maririnig. Mahimbing

na ang tulog ni Carmen sa kabilang kwarto kasama si Angela. Maigsing “hindi na” ang sinagot ko sa tanong niya kahit na ang totoo e may mga sinusubukan akong alternatibong gamot.

Balik-pwesto kami sa dating upuan. Medyo slow-mo na ang paligid. Gumagalaw pa rin ang tagay para sa pang-apat naming Mucho.

“Naalala mo nung una tayong mag-beerhouse?” Tanong niya.

“Totoy na totoy pa tayo non. Kasama natin si Gige at si Dorlabra. Laptrip yon. Unang sahod ni Gige sa konstraksyon binuhos n’ya don para sa’ting apat.”

“Anong Gige? Gago, Nginge. ‘Ngangina ngyo umos nga mera ngo. Umi na tanyo.”

Sabay kaming tumawa nang malakas.

“Si Dorlab hinawakan yung pwet ng waitress, nasampal tuloy. Puta mga tatlong segundong hindi nakaimik si gago tapos umiyak. Iyaking manyak, saan ka nakakita nun?”

“Tanda ko yun. Ta’s maya-maya pumuntang banyo si gago para magtawag ng uwak. Ang malupit hindi man lang nagbuhos ng suka. Nung ipinatawag siya ng guard e binuhusan naman daw niya—”

“Hindi niya binuhusan—”

“Binuhusan niya, tanga. Nga lang, ayaw bumaba ng suka niyang pinarami lalo ng tubig, nagbara yong banyo dahil sa kanya.”

“Ta’s sa sobrang taranta, ang ipinanglimas ni Dorlab e yung damit niya. Hahahaha! Lumabas ng banyo si gago naka-short na lang.”

“Mas lalo pa tayong natawa dahil sa tawa ni Gige: NGANGANGANGA!”

Hindi na kami makatagay sa puntong ito. Sa sobrang lakas ng hagalpakan, sinitsitan kami ni Carmen na nagising sa kabilang kwarto.

“Yan ang napapala ng mga manyak, e,” sabi ni Ruben habang pinupunasan ng daliri ang nangingilid na luha.

“Nagsalita. Tanda mo no’ng nahuli kitang sinisilipan si Ma’am? Buti ako ang nakakita sa’yo kundi yari ka kay Boss kung nagkataon.”

“Kailan?”

“Kunwari pa.”

“Dati pa ‘yun gago, iba na ngayon.” Umiling-iling si Ruben. “Nakakadiri ngang isipin na nagawa ko yun, tangina. Nagbago na ko ngayong may anak na ta’s babae pa.”

“Ang tawag d’yan karma, boy. Karma.” Tumagay ako at sinalinan ang baso.

"Ulol. Inggit ka lang."

Napangisi ako. Lumagapak ang pwet ng baso sa mesa paglapag ko.

"Totoo naman, di ba? Hanap na kasi ng aasawahin para ebridey hapi na. Tingnan mo ako at si Carmen, okay na okay. May chikiting na. Solb na. Iba rin talaga 'pag may anak na. Ngingisi-ngisi ka ngayon pero tingnan natin 'pag may nakasampay nang bata d'yan sa braso mo. Seryoso, humanap ka na brad kasi 'di na tayo bumabata. Pangangailangan sa buhay 'yan. Baka nga kaya tayo nabuhay para d'yan, para magkaroon ng pamilya. Ano lasing ka na ba? O itagay mo na, sa'yo na yan."

Sinunod ko ang sinabi niyang inumin yong alak kahit na katatagay ko lang. Alam ni Rubeng nagmarka sa kukote ko ang ipinunto niya tungkol sa pag-aasawa gaya ng pagsunod ko sa sinabi niyang pagupitan 'tong buhok ko. Ganyan kaepektibo ang manipulasyon sa'kin ni Ruben na hindi pa pumalya ni minsan, maliban sa isang kwentong kailanma'y hindi naging totoo sa'kin kahit anong pambabali ang gawin niya.

Totoong si Ruben ang nagpakilala sa'min sa isa't isa pero yong bersyon niyang siya raw ang unang nakakita? Kalokohan. Ako talaga ang unang nakakita sa kanya. Naikuwento ko na siya bago pa man siya ikuwento sa akin. Ang bagong kasambahay ng mga Gonzales. Madaling araw habang nagbubukas ako ng tindahan lumabas siya sa pulang gate ng katapat na bahay para magtapon ng basura. Ang akala ko noon namamalikmata ako kaya ilang beses kong kinusot ang mga mata para makasigurado. Hindi ko pa alam nang mga sandaling 'yon na nakita rin pala niya ako, buong akala ko, ako lang ang nakapansin sa kanya. Dali-

dali siyang pumasok ng gate matapos takpan ang basurahan. Walang sampung segundo ang eksenang yon pero nagmarka sa isip ko ang lahat: maikling buhok na hanggang panga, matangos na ilong, maputing kutis na binagayan ng mapupula ngunit nanunuyong labi, Mickey Mouse tshirt na nakasampay sa medyo hukot na mga balikat at binakatan ng malulusog na suso, bulaklaking pajama na nakatupi ang laylayan para 'di marumihan, at kulay puting tsinelas na hindi niya matandaan nang ikwento ko sa kanya ang senaryong ito, noong mapag-usapan namin kung kailan ko siya unang nakita. Sumapat ang ilaw ng poste para masilayan ko ang kabuuan ng babaeng nagtapon ng basura. Para akong gago na basta na lang umibig noong sandaling yon. Kinuwento ko siya kay Ruben.

Inabangan ni Ruben ang katulong para ipakilala sa'kin. Pero imbis na kami ang magkaigihan, imbis na ako ang maka-iskor, si Ruben ang nakadali. Nanahimik ako no'ng maging sila. Nag-umpisang tumanggi sa trabaho si Ruben, dumalang ang paggulong namin at dumalas naman ang paglabas nila ng babae. Nakuwento niya sa'king hindi naman pala katulong ang dalaga kundi pamangkin ng mag-asawang Gonzales. Nakitira lang do'n dahil namatay ang mga magulang nito no'ng tamaan ng napakalakas na bagyo ang kanilang probinsya. Napagdesisyunan ni Rubeng ibahay ang babae. Naging madali ang lahat dahil wala namang pakialam ang mga Gonzales sa babae, sa katunayan nga, hindi kamag-anak ang turing nila sa kanya kundi palamunin. Madali ring napakiusapan ni Ruben si Mr. Reverente kaya walang naging gusot sa pagbukod nila. Nangupahan sila sa apartment na ako mismo ang nakahanap. Madalas ko silang binibisita at halos gabi-gabi kami kung mag-inom. Sa umaga, pumapasok sa trabaho niya ang babae bilang sales lady sa isang mall, si Ruben naman bilang guwardiya sa

isang kompanya. Di nagtagal nagkaroon sila ng anak. Di rin nagtagal nang maisip ko na baka ako ang ama ng bata dahil maraming beses kaming nagkantutan ng babae no'ng naging panggabi ang duty ni Ruben. Pumwesto kami sa kama, sa sala, sa banyo, sa mesa. Sumubok kami ng kung ano-anong posisyon. Hinatak ko ang kanyang buhok, nilamutak ang malulusog niyang suso, dinuraan ko ang maganda niyang mukha. Putang ina ka, bulong ko isang beses habang kinakabayo ko siya sa sahig ng kusina nila. Putang ina mo Carmen, mahal na mahal kita.

Kaya no'ng magpaalam si Ruben para puntahan ang mag-ina niya sa kwarto, tumagay ako ng isa pa, nagsalin ng bago, at tumayo para sa backpack na pinailalim ko sa palotsina nilang sopa pagdating kanina. Buong-buo na ang loob kong kunin kung ano ang sa'kin. Marahan kong hinila ang zipper upang buksan ito nang walang ingay. Ipinunas ko muna ang pawisang kamay sa pantalon bago ko dinukot ang laman. Sinuot ko ang mga gwantes. Dahan-dahan akong nagkasa.

Nasa loob pa rin ng kwarto nila si Ruben. Pinagmamasdan pa rin marahil ang natutulog na si Angela, iniisip kung gaano siya kaswerte sa pagkakaroon ng mala-anghel na anak, o baka ibinabalita pa kay Carmen kung ilang bote na lang ang natira at nangangakong hindi na magdaragdag pa, at agad siyang tatabihan pagtapos ng inuman. Umupo ulit ako sa dati kung saan agad kong makikita ang paglabas niya. Lalong uminit ang paligid. Ginigiba ng malalakas na tibok ang dibdib ko. Sunod-sunod ang pangunguyakoy. Dala marahil ng kalasingan kaya hindi niya nakitang hawak ko ang M1911 na pinahaba ng suppressor ang nguso. Hinayaan ko siyang pasuray-suray na muling umupo sa tapat ko. "Akin na 'to a," sabi niya bago ngumuso sa baso. Mabilis kong inangat ang nanginginig na baril

sa kanyang mukha habang nakapikit niyang nilalagok ang alak. Taas-baba ang Adam's apple sa pagdausdos ng beer. Bumutil muna sa tulis ng baba niya ang nakatakas na alak bago tumulo sa sahig. Saka ko pinisil ang gatilyo pagdilat niya. Ang putok ay parang dalawang maliit na batong pinag-umpog nang malakas. Manipis ang tunog ngunit may solidong pwersang pumunit sa tahimik na gabi. Patihaya siyang bumagsak. Nabasag ang baso bago pumasok ang bala sa pagitan ng ilong at labi, tumagos sa gilagid na naging dahilan para magtalsikan sa ere ang ilang piraso ng ngipin, tinumbok ang itaas na bahagi ng ngalangala, saka gumawa ng mas malaking butas sa likuran ng bungo paglabas. Natilamsikan ng dugo't laman ang mga kasangkapan. Dilat na dilat ang mga putanginang mata niyang nananakal pa rin bagaman tinakasan na ng kaluluwa kaya naman nilapitan ko siya at idiniin ang bunganga ng baril sa mga ito. May kung anong napigtal sa loob ko noong kumadyot ang ulo niya sa pwersa ng mga sumunod na putok. Bumalik ako sa upuan, kinuha ang labakara sa bulsa ng bag at pinunasan ang dugong tumilamsik sa'kin. Pumunta ako ng banyo para i-flush sa inidoro ang mga gwantes. Naisipan kong maligo habang naroon. Noon lang naging malinaw sa'king patay na ang taong umaangkin sa mga bagay na pagmamay-ari ko, ang kupal na manipulador, ang sinungaling kong pinsan na nakasama ko simula pagkabata at itinuring kong kapatid. Sumakit ang panga ko kakaisip sa wasak niyang mukha. Congratulations, sa wakas malaya ka na, sabi ng hawak kong sabon. Nagbuhos ako nang nagbuhos. Itinodo ang gripo. Nabiyak ang tabong ibinato ko sa baldosa. Humagulgol ako na parang batang tinadyakan sa sikmura ng kalaro. Nilubog ko ang mukha sa drum ng tubig at doon nagsisigaw. Nang iangat ang ulo, naroon nakaupo sa tabi ng inidoro ang aso. Di pwedeng ganito, sabi ko sa kanya. Hindi mo ba nakikitang espesyal ang gabing 'to? Inisa-isa ko ang mga dahilan: 1) tatabihan ko sa

pagtulog ang pinakamamahal ko nang walang inaalala, 2) opisyal na akong padre de pamilya, 3) hindi ko na kailangang pagupitan ang buhok, 4) at higit sa lahat, napatunayan kong mayroon akong napakalaking bayag para itumba si Kiling sa Linggo. Nagsabon ako nang maigi, naghilod nang madiin. Lumabas ako nang banyo para puntahan ang mag-ina ko.

"Tagal maligo ng puta. Ano, isang bote pa tayo?"

Naging pansit ang mga tuhod ko. Naroon si Ruben sa sala karga ang gising na si Angela. Naroon din nakaupo si Carmen sa palotsinang sopa. Mabagal at buong-buo ang sipol ng aso sa banyo. Pinababalik ako.

Nagwagi ng Ikalawang Gantimpala para sa Maikling Kuwento sa 2017 Don Carlos Palanca Awards for Literature.

## ANG MAS MAIKLING KWENTO SA LIKOD NG MAIKLING KWENTO

Hindi pa kasing dami ng mga bituin ang mga partikula ng COVID sa hangin noong naisulat ko ang akdang "Patintero." Malaya pa noon ang ilong na rektang kilatisin ang alimuom ng ambon sa hapon at nakalaan pa ang barya-barya sa bulsa para sa sorbetes, sigarilyo, kwek-kwek, pamasahe at ni sa pinakasulok ng sabog na sabog nating konsumeristang imahinasyon ay di magiging embreyoniko ang ideyang ipambibili natin sa hinaharap ang barya-baryang ito ng isang polycarbonate face shield, sakto ang nipis para sa optiko, hindi para ipanangga laban sa virus, kundi para pahintulutan tayo ng guwardiyang makapasok sa mall at supermarket at maramdamang muli ang pagkiskis ng ating mga gitnang-uring suwelas sa baldosang sahig ng elitistang pamilihan. Ang isopropyl alcohol ay naroon lang dati sa medicine cabinet, sa gilid ng lababo, nakadikit sa pader ng banyo, sa ospital, naroon lang sa morgeng nagreretoke ng warak na bungo at dibdib ng mga tinokhang bago sila iburol, sa sling bag marahil ng nagdodoble-ingat na pulis habang naglilinis siya ng paltik sapagkat baka nga naman mapunit ang segunda klaseng guwantes na inisyu sa opisina at kailangang matiyak ang pagkaka-desap ng mga de-ranggong fingerprint mula sa itatanim na baril. Di tulad ngayon na maglilimang milyon na ang namamatay sa COVID sa buong planeta, nasa proximity na ng halos lahat ang panablang likido na ito, nakaantabay sa bawat pandiwang isasapraktika ng ating mga katawan. Sa madaling salita, pre- COVID ang konsepsiyon at konseptuwalisasyon ng riding in tandem na sina Ruben at Kiko, ang panahon kung kailan adik at hindi pa aktibista ang itinuturo at itinuturing na 'hudyo' ng Malacañang. Tangina, ang labo ba? Umuulan ng bala at prehuswisyo at panatisismo at ang ipinampayong ko ay papel na

pinalambot pa lalo ng tinta. May kolateral ang gatilyo, ang kanal ay kalis ng dugo, at ano ang ginawa ko maliban sa pagkatha? May mas maikling kwento sa likod ng maikling kwentong ito: dalawang taon matapos itong manalo sa Palanca (dapat lang na maging kritikal ka sa Palanca dahil kritikal ang Palanca o ang mga ganitong uri ng patimpalak sa panulat, sa manunulat, sa mambabasa at kailangang mahuli mong hindi ikaw ang tumanggap kundi ikaw ang tinanggap ng Palanca bilang kabahagi ng diskurso nito, hinamig bilang kaisa nito, hanggang sa maging kawangis ng ikaw na nagsulat ang siyang institusyong sinulatan mo kaya may mga tatanga-tangang nasasaktan sa tuwing binibira itong organisasyon, itong programa, itong mamahaling buffet na binukalan ng medalya o sertipiko o dangal nila) natagpuan ko ang sarili sa bangketa ng Lawton, naghihintay ng bus na masasakyan patungong SM Sta. Mesa. Tangan ko ang bagong biling telepono at ka-chat ang isa sa mga kabanda nang biglang hablutin ito mula sa akin ng—hulaan mo kung sino—riding-in-tandem na humarurot paahon ng Quezon Bridge pa-Quiapo matapos ang krimen. Ito ang ilohikal na nosyong gumagabay sa (inaasahan at ipinagpapalagay na) lohikal kong panulat: Maniningil ang naratibo sa dulo. Tulad ng paniningil nito kay Yapan at Poe, nakaabang ito sa isang malayong simbahan para pugutan ako ng ulo gaya ng dekadente kong pagpugot sa ulo niya. Batid nito, halimbawa, na walang mortal na may planong pumaslang ng diyos ang may planong manatiling mortal, at ang mismong akto ng pagpaslang ay isang uri ng lehitimisasyon na may diyos ngang umiiral. Batid nito, halimbawa, na ang "Patintero" ay isang akdang naisulat sa panahon kung kailan wala na halos kabataang naglalaro ng patintero sa lansangan at batid nito kung paano ko ginamit ang babae bilang love interest lang sa kwento, isang granaheng may espesipikong direksyon ng pag-ikot batay sa makitid kong pagtingin. Pero kung bibigyan

ako ng pagkakataong kumpunihin ang mga sirang ito ng akda, di ako magdadalwangisip na hayaang paulit-ulit akong ipahamak ng mga ito kung iyon ang kinakailangan upang matuto at umunlad ang aking panulat. Buong-katapatan kong isusulat ang mga salitang di ko pa man isinusulat ay tila boomerang nang sumasagitsit pabalik upang isulat ako nang buong- katapatan.